

# Project Marayum, sagot para sa nanganganib na mga lengguwahe sa bansa

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

## Mga Nilalaman

- Messaging app para sa epektibong 2nd dose COVID-19 vaccination rollout, dinebelop ng DOST XI .....p2
- "Digital library" ng DOST, dinayo ang mga paaralan sa Negros.....p3
- DOST-CAR, inilunsad ang proyektong tutukoy sa kakulangan ng tubig sa Lungsod ng Baguio ..... p4

**U**pang mapanatili at maisalba ang mga lengguwahe sa Pilipinas na maituturing nang nanganganib, isang community-built online web dictionary platform ang pinondohan ng Department of Science and Technology (DOST) at kasalukuyang mino-monitor ng DOST-Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD).

Ito ay ang Project Marayum na pinagtulong-tulongang buuin ng isang grupo ng computer scientists at linguists sa pangunguna ni Mario Carreon, assistant professor sa Department of Computer Science ng University of the Philippines – Diliman. Layunin ng proyekto na makabuo

ng isang online language dictionary na maaaring baguhin ng mga rehistradong miyembro ng isang komunidad na gumagamit ng isang lengguwahe.

Sa inisyal na pag-debelop ng diksyunaryo, ang unang diksyunaryo na nai-upload ay ang Asi-English language dictionary. Ang mga rebisyon ay maaari lamang magawa ng rehistradong Asi language speakers habang ang mga tala ay sinuri ng isang grupo na eksperto sa naturang lengguwahe.

Ang Project Marayum ay nabuo sa pagtutulongan ng iba't ibang komunidad. Bilang isang online dictionary platform ng mga lengguwahe sa Pilipinas, layunin nito na mapalakas ang abilidad ng mga gumagamit ng isang lengguwahe na

# Messaging App para sa epektibong 2nd Dose COVID-19 Vaccination Rollout, dinebelop ng DOST XI

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

**N**agdebelop ang Department of Science and Technology (DOST)-Region XI ng isang aplikasyon na kung saan magpapadala ito ng mga paalala o notification para sa mga lokal na indibidwal na naka-iskedyul para sa ikalawang dose ng kanilang bakuna.

Tinatawag itong DOSTText App na isang messaging platform na kung saan may kakayahang maghatid ng maramihang maiksing mensahe sa mga indibidwal na mayroong cellular phone. Kasalukuyang ginagamit ito ng ARENA XI Cluster Vaccination Team at sa pamamagitan ng DOSTText app, mabilis na nabibigyan ng impormasyon ang mga nasa komunidad.

“DOST XI deals with customers on a regular basis and communicates important notifications in a timely manner. This was the reason why DOSTText was developed. It can send up to 200 messages per minute and can be installed in any Windows PC (Windows 7 and above),” ayon kay DOSTText developer Louie G. Simbajon, Project Assistant II mula sa DOST Region XI.

Pagbabahagi ni Simbajon, nag-umpisa siyang buuin ang ideya at pagbuo ng nasabing app nito noong katapusan ng Hunyo hanggang unang linggo ng Hulyo. Upang masubukan kung epektibo, nagsagawa siya ng mga simulation activity mula ika-17 hanggang ika-18 ng Hulyo.

Nagsimula naman siyang magpadala ng notifications noong ika-27 ng Hulyo 2021.


Gumagana ang DOSTText sa pamamagitan ng pag-install ng app sa computer. Matapos ma-install, maaaring makapag-log in para magamit ito. Ilan sa mga mahalagang impormasyon na hihingin sa mga indibidwal na gagamit nito ay pangalan, mobile number, at group ID.

Ayon kay Simbajon, may dalawang paraan para mailagak ang mga impormasyon ng mga indibidwal sa sistema ng app. Una ay sa pamamagitan ng manual encoding at ang

pangalawa ay sa pamamagitan ng pagkuha o pag-import mula sa isang Excel file na kung saan awtomatikong malalagak sa sistema ng app ang mga pangalan na nakasulat doon.

“DOSTText is a messaging platform that allows our government employees to conveniently receive text message schedules and reminders to get their second dose of COVID19 vaccine. Coordinating the distribution of vaccines and disseminating the information schedule poses a challenge during the vaccination rollout. To

**sundan sa pahina 4**



*Project Marayum...*

**Mula sa pahina 1**

makabuo at makapagpatakbo ng isang online dictionary na kanyang lengguwahe nang hindi na nangangailangan ng teknikal na kaalaman na may kaugnayan sa pagdidisenyo, pagpapatakbo, at maintenance ng isang website.

Nagpahayag naman ng suporta si DOST-PCIEERD Executive Director Dr. Enrico Paringit sa proyekto na nagbigay aniya ng daan na magkaroon ng marami pang pag-uusap sa pamamagitan ng malikhaing solusyon. Mahalaga rin aniya ang naturang

proyekto sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

“Ang pambansang wika ay makahulugan katulad ng Kalayaan ng ating bayan, na nagbibigay ng natatanging pagkakakilanlan bilang isang malayang bansa. Ngayong Buwan ng Wika, halina’t ipagdiwang din natin ang iba pang lokal na lengguwahe sa bansa sa pamamagitan ng proyektong ito,” ani Paringit.

Ang Marayum website ay maaaring bisitahin sa [www.marayum.ph](http://www.marayum.ph) na kasalukuyang may apat na diksyunaryo:

Asi-English, Cebuano-English, Hiligaynon-English, at Kinaray-a-English.

Ang iba pang diksyunaryo na kasalukuyang inilalagay sa Marayum ay ang Bicol-Buhi’non, Bicol-Central, Bicol-Rinconada, Masbatenyo, Kapampangan, Chavacano, Gaddang, Inakyeanon, Waray, at Ilocano na may kanya-kanyang salin sa Ingles. Lahat ng naturang mga diksyunaryo ay pinamamahalaan ng kani-kanilang komunidad at itinatalagang lingguwista. *(Impormasyon mula sa DOST-PCIEERD)*

# “Digital library” ng DOST, dinayo ang mga paaralan sa Negros

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**D**umaguete City – Upang patuloy na maibigay ang basic education lalo na ang mga araling may kinalaman sa agham at teknolohiya, ibinahagi ng Department of Science and Technology Negros Oriental (DOST Negros Oriental) ang digital library na STARBOOKS sa 21 tinaguriang geographically isolated and disadvantaged areas o GIDA kabilang ang mga lugar na nasa ilalim ng programang End Local Communist Armed Conflict.

Ayon kay ginoong Rene Boy Rodriguez, guro ng Bayog Highschool ng Canlaon City na sa panahong nasa pandemya ang bansa at hindi pinapayagan ang pisikal na pag-aaral, minabuti ng mga guro na gamitin ang Science and Technology Academic Research-Based Openly Operated Kiosks o STARBOOKS sa kanilang mga pagsasaliksik sa mga araling may kinalaman sa agham at teknolohiya. Dagdag pa niya na sa tulong ng STARBOOKS ay nadaragdagan ang mga paksa na nagagamit niya bilang karagdagan aralin para sa kanyang mga mag-aaral.

Kilala bilang kauna-unahang S&T digital library ng bansa, taglay ng STARBOOKS ang

iba’t ibang impormasyon at mga babasahin sa S&T. Ito ay naglalaman din ng mga library resource sa iba’t ibang anyo kasama ang mga bidyo na naglalaman ng mga kaalaman sa pangkabuhayan nang hindi kinakailangang gamitan ng internet.

Kabilang sa mga paaralan na nakatanggap ng “digital library-in-a-box” ay ang Department of Education (DEPED) Negros Oriental Division na nakatanggap ng 10 STARBOOKS server habang ang mga paaralan sa ilalim ng DEPED Tanjan City Division ay nakatanggap ng tig-isang yunit kabilang ang Inawasan Community High School sa Pamplona, Calicanan High School sa Pamplona, at Sto. Nino High School sa Tanjay.

Samantala, ang Tagpo High School, Javier Laxina I Memorial National High School, at Bais City National High School ay nakatanggap din ng tig-isang yunit ng STARBOOKS server. At gaya ng mga naunang paaralan ay nakatanggap din ang DEPED Guihulngan City Division ng tig-isang yunit ng STARBOOKS na kabilang ang

Guihulngan National High School-Sandayao, Guihulngan National High School-Trinidad at Guihulngan National High School-Poblacion.

Kabilang din sa mga paaralan na nakatanggap ng STARBOOKS server ay ang mga sumusunod: Bayog High School, Canlaon City; Bagtic High School, Mabinay; Pacuan National High School, La Libertad; Silab High School, Amlan; Siapo High School, San Jose; Tubigon High School, Sibulan; Dobdob High School, Valencia; Jose Marie Locsin Memorial National High School, Zamboanguita; Mainit High School, Siaton; at Nagbinlod High School, Sta. Catalina.

Ang inisyatiba ay suportado ng DOST Regional Office VII Grants-In-Aid na layong mapabuti ang pag-aaral ng mga estudyante sa pamamagitan ng STARBOOKS na kabilang sa mga liblib at malalayong lugar sa rehiyon.

Sa pinakahuling tala, mayroon nang 77 yunit ng STARBOOKS ang naipamahagi sa lalawigan ng Negros Oriental. (Impormasyon mula kay Engr. Reinhold Jek Y. Abing, DOST-Negros Oriental).



Sinubukan ng isang guro ang nilalaman ng STARBOOKS nang ito ay pormal na ibinahagi kamakailan ng DOST Negros Oriental. (Larawan mula sa DOST-Negros Oriental)



Pinangunahan ni Baguio City Mayor Benjamin Magalong (nakaupo, mula kaliwa hanggang kanan), DOST-CAR Regional Director Nancy Bantog, WWRRDEC Center Head Helen Maddamba at Baguio City Administrator Engr. Bonifacio de la Peña ang paglagda sa Memorandum of Agreement sa pagitan ng mga mamumuno ng nasabing proyekto noong ika-9 ng Agosto 2021. (Larawan mula sa DOST-CAR)

# DOST-CAR, inilunsad ang proyektong tutukoy sa pagbaha, kakulangan ng tubig sa Lungsod ng Baguio

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

**B**aguio City—Upang masolusyunan ang kakulangan sa tubig at mabawasan ang pagbaha sa lungsod, inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology-Cordillera Administrative Region (DOST-CAR), lokal na pamahalaan ng Baguio, at ng Department of Environment and Natural Resources-Ecosystems Research and Development Bureau (DENR-ERDB).

Ang proyekto na isang bahagi ng “Program Boondock: A Mountain Engineering Center Towards Sustainable Infrastructure and Upland Water Security,” ay may kabuuang pondo na

Php 10 million na kung saan ang Php 7.5 million ay nagmula sa DOST Science for Change Program (S4CP) Niche Centers in the Regions (NICER) for Research and Development at Php 2.5 million naman ay mula sa Baguio City.

Para sa bahagi nito, ang DOST-CAR, sa pakikipag-ugnayan sa Watershed and Water Resources Research, Development and Extension Center (WWRRDEC)- isa sa mga research center ng DENR-ERDB- ay mag-aabot ng teknikal na tulong at magtataguyod ng mga aktibidad upang mapagbuti ang nasabing proyekto.

Sa pamamagitan nitong proyekto ay maraming buhay ang mapoprotektahan kabilang na ang mga kabuhayan at ang kalikasan ng Cordillera maging ang kahalagahan ng tubig sa pagsusulong ng kabuhayan ng mga tao at pagpapanatili ng kalikasan. (Impormasyon mula sa DOST-CAR)

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Editor-in-Chief

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist/Photo Editing

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**FERDINAND M. CARTAS**  
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag-email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.

*Messaging App..*  
**Mula sa pahina 2**

address this, we developed DOSText to quickly and effectively communicate with our vaccinees. Ensuring that our government workers receive their second dose within the recommended schedule is very important in order for us to achieve herd immunity,” sabi ni ARENA XI President at DOST XI Regional Director, Dr. Anthony C. Sales.

Ang DOST XI, katuwang ang mga institusyon kagaya ng University of Southeastern Philippines, University of the Philippines Mindanao, at Philippine Regional Police Office XI, ang nangunguna sa koordinasyon ng ARENA Resbakuna para sa mga empleyado ng gobyerno sa lungsod ng Davao. Sa kasalukuyan, nakapagbigay na ng 8,093 na unang dose ng bakuna sa mga empleyado ng gobyerno mula sa tatlong ARENA Resbakuna Vaccination sites. (DOST XI S&T Information and Promotion)